	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0004
	Title	COVID-19 Home Isolation Benefit Package (CHIBP) (Revision 2)

A. Karaniwang tanong ng mga miyembro/publiko	
Tanong	Sagot
1. Ano ang COVID-19 Home Isolation Benefit Package (CHIBP)?	Ang CHIBP ay benepisyo ng PhilHealth para sa mga pasyenteng kumpirmadong may COVID-19 ngunit asymptomatic o mayroong mild na kaso. Ang mga pasyenteng ito ay nakapasa sa social at clinical criteria para sa home isolation, kung saan sila ay maaaring manatili na lamang sa bahay upang doon maalagaan at masubaybayan ng isang CHIBP provider.
2. Sino-sino ang maaaring makagamit ng CHIBP?	Ang CHIBP ay maaaring magamit ng lahat ng Filipino at foreign nationals na rehistrado sa PhilHealth at kumpirmadong may sakit na COVID-19 ayon sa PhilHealth approved confirmatory test. Kinakailangan din ang mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> • Walang sintomas (asymptomatic), may mild na sintomas ng COVID-19 o moderate case (without pneumonia) • Nakapasa sa social criteria.
3. Ano ang tinatawag na mild symptoms?	Ang mild na sintomas ay ang mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> • Lagnat • Ubo • Sipon • Pagkapagod • Walang ganang kumain • Pananakit ng katawan • Pananakit ng lalamunan • Pananakit ng ulo • Pagtatae • Pagsusuka • Pagkawala ng pang-amoy (anosmia) • Pagkawala ng panlasa (ageusia) • Walang palatandaan na may pneumonia o hirap sa paghinga
4. Paano masasabing ang isang pasyente ay may COVID-19 moderate case (without pneumonia)?	Kinakailangan na ang pasyente ay walang pneumonia pero may risk factors for progression. Kasama dito ang mga elderly (may edad 60 at pataas) na may comorbidities o walang comorbidities.





TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2022-0004
Title	COVID-19 Home Isolation Benefit Package (CHIBP) (<i>Revision 2</i>)

<p>5. Ano ang social criteria?</p>	<p>Ang social criteria ay ang mga sumusunod na kundisyon:</p> <ol style="list-style-type: none"> a. Ang pasyente ay may kapasidad na mag-isolate sa isang kwarto na may sariling palikuran; b. Ang kwarto ng pasyente ay may maayos na lagusan ng hangin; c. May kasama ang pasyente sa bahay na maaaring magbigay ng kanyang pangangailangan tulad ng pagkain, tubig, gamot, atbp; d. Ang pasyente ay maaaring tawagan sa pamamagitan ng telepono, cellphone o internet gamit ang Messenger, Viber, Zoom at iba pang applications. e. Ang pasyente ay may sariling basurahan. 														
<p>6. Ano-anong mga serbisyo ang nakapaloob sa benepisyong ito?</p>	<p>Ang mga serbisyong nakapaloob sa benepisyong ito ay ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Konsultasyon sa isang duktur; • Pag-monitor sa pasyente ayon sa bilang ng araw na itinakda ng Department of Health; • Home isolation kit na naglalaman ng mga sumusunod: 1L 70% alcohol, 1 pirasong thermometer, 1 pirasong pulse oximeter, piling medisina at limang (5) piraso na surgical face mask • Pag-refer sa pasyente sa isang ospital kung kinakailangan. 														
<p>7. Ilang araw kinakailangang mag-isolate ang isang pasyente?</p>	<p>Ang bilang ng araw ng pag-isolate ay depende kung ang pasyente ay isang health care worker o hindi health care worker at ayon sa kanyang vaccination status:</p> <table border="1" style="width: 100%; border-collapse: collapse; margin-top: 10px;"> <thead> <tr> <th colspan="2"></th> <th style="text-align: center;">Health Care Worker</th> <th style="text-align: center;">Non-Health Care Worker</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td rowspan="3" style="text-align: center; vertical-align: middle;">Vaccine Status</td> <td style="text-align: center;">With Booster</td> <td style="text-align: center;">5 days</td> <td style="text-align: center;">7 days</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">Full</td> <td style="text-align: center;">7 days</td> <td style="text-align: center;">7 days</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">Partial/Unvaccinated</td> <td style="text-align: center;">10 days</td> <td style="text-align: center;">10 days</td> </tr> </tbody> </table>			Health Care Worker	Non-Health Care Worker	Vaccine Status	With Booster	5 days	7 days	Full	7 days	7 days	Partial/Unvaccinated	10 days	10 days
		Health Care Worker	Non-Health Care Worker												
Vaccine Status	With Booster	5 days	7 days												
	Full	7 days	7 days												
	Partial/Unvaccinated	10 days	10 days												
<p>8. Anong mga pasilidad ang nagbibigay ng ganitong benepisyo?</p>	<p>Ang kumpletong listahan ng accredited CHIBP provider ay maaaring makita sa PhilHealth website (www.philhealth.gov.ph) o makipag-ugnayan sa pinakamalapit na PhilHealth Local Health Insurance Office (LHIO).</p>														






TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2022-0004
Title	COVID-19 Home Isolation Benefit Package (CHIBP) (<i>Revision 2</i>)

9. Paano kung ang isang lugar ay walang accredited na pasilidad na magbibigay ng CHIBP?	Kung walang PhilHealth accredited CHIBP provider sa inyong lugar, maaaring makipag-ugnayan sa inyong Barangay Health Emergency Response Team (BHERT).
10. Ilang beses pwedeng magamit ang CHIBP?	Maaaring magamit ang CHIBP nang higit sa isang beses kung ang pasyente ay muling magkakaroon ng kumpirmadong sakit na COVID-19 na asymptomatic o may mild na sintomas, at nasunod ang lahat ng criteria na nabanggit sa No. 2.
11. Mayroon pa bang babayaran ang pasyente kapag nag-avail ng CHIBP?	Lahat ng serbisyong hindi nakapaloob sa CHIBP ay sasagutin na ng pasyente tulad ng transportasyon, ibang gamot na wala sa package, face mask ng mga kasama sa bahay, atbp.
B. Karaniwang tanong mula sa isang Health Care Facility	
12. Magkano ang benepisyo na nakapaloob sa CHIBP? At ano-anong mga serbisyo ang dapat ibigay sa pasyente?	Ang benepisyo ay nagkakahalaga ng Php 5,917.00 , na direktang ibabayad sa accredited na pasilidad. Ang mga serbisyong dapat maibigay na naaayon sa panuntunan ng DOH ay ang mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none">• Konsultasyon sa isang duktor;• Pag-monitor sa pasyente;• Home isolation kit na naglalaman ng mga sumusunod: 1L 70% alcohol, 1 pirasong thermometer, 1 pirasong pulse oximeter, piling medisina at limang (5) piraso na surgical face mask;• Pag-refer sa pasyente sa isang ospital kung kinakailangan.
13. Paano mag-apply upang maging PhilHealth accredited CHIBP provider?	Ang mga PhilHealth-accredited Community Isolation Units (CIUs), Infirmaries, Hospitals at Konsulta providers ay kinakailangan lamang magsumite ng mga sumusunod na dokumento sa pinakamalapit na PhilHealth LHIO: <ul style="list-style-type: none">• Completely filled-out CHIBP Self-Assessment Tool (SAT) at Letter of Intent;• Pirmadong Performance Commitment bilang CHIBP provider;• Service Delivery Support ng kapartner na Telemedicine Provider, kung mayroon;• Service Delivery Support sa isang referral na pasilidad o



	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0004
	Title	COVID-19 Home Isolation Benefit Package (CHIBP) (<i>Revision 2</i>)

	<p>isang Referral Plan;</p> <ul style="list-style-type: none"> • Service Delivery Support at/o Authorization Letter sa mga pasilidad na walang eClaims system o mga pasilidad na walang kakayahang magsumite ng eclaims. <p>Walang sinisingil na accreditation fee ang PhilHealth para sa mga CHIBP providers.</p>
14. Ano-ano ang mga kailangang dokumento sa pagsumite ng claim?	<p>Ang mga dokumentong kinakailangan sa pagsumite ng claim ay ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pirmadong Claim Signature Form (CSF); • Kopya ng COVID 19 test result o medical certificate na nagpapatunay na ang pasyente ay positibo sa COVID-19; • Pirmadong Assessment Checklist of Clinical Criteria for COVID-19 Home Isolation Benefit Package; • Pirmadong COVID-19 Home Isolation Kit Issuance o katunayan na natanggap ng pasyente ang kit; • Pirmadong attestation or pagpapatunay ng pasyente na sya ay nakapasa sa social criteria na itinakda; • Pirmadong Authorization and Consent to Participate in Teleconsultation; at • Pirmadong Monitoring sheet ng home isolation team.
15. Ano-ano ang mga PhilHealth-approved COVID-19 confirmatory tests?	<p>Ang mga PhilHealth-approved COVID-19 confirmatory test ay makikita sa Annex C (PhilHealth Approved Confirmatory Tests) ng PhilHealth Circular No. 2022-003 “Benefit Packages for Inpatient Management of Confirmed Coronavirus Disease (COVID-19) and Clarification of Coverage of Probable Cases”.</p>

